Melbourne Archdiocese
Catholic Schools

# Koda ng Pag-aasal ng Mag-aaral (Student Code of Conduct)

MARYMEDE
CATHOLIC COLLEGE
*In the way of Mary*

Ang Marymede Catholic College ay isang paaralan na pinapatakbo nang may pahintulot ng Arsobispong Katoliko ng Melbourne (Catholic Archbishop of Melbourne) at pagmamay-ari, pinapatakbo at pinamamahalaan ng Melbourne Archdiocese Catholic Schools Ltd (MACS).

## Layunin

Ang Marymede Catholic College ay nakatuon sa pagtiyak na ang magalang na kapaligiran sa pag-aaral ay ligtas, positibo at sumusuporta sa lahat ng mga mag-aaral, kawani at bisita ng paaralan.

Layunin n Marymede Catholic College na magbigay ng malinaw na mga patnubay sa lahat ng mga mag-aaral tungkol sa pag-aasal na inaasahan mula sa kanila habang nasa lugar ng paaralan, nasa mga lugar na kaugnay ng paaralan, nakikibahagi sa mga aktibidad na nauugnay sa paaralan o kumakatawan sa paaralan. Ang mga mag-aaral ay inaasahan na itataguyod ang mga batayang pinahahalagahan ng paaralan sa lahat ng oras.

## Saklaw

Ang Koda ng Pag-aasal (Code of Conduct) na ito ay nalalapat sa lahat ng mag-aaral ng Marymede Catholic College. Ang pagpapairal ng koda (code) na ito ay hindi limitado lamang sa lugar ng paaralan at sa mga oras ng paaralan. Ito ay sumasaklaw sa lahat ng aktibidad at kaganapan na may kinalaman sa paaralan at kapag bumibisita o kumakatawan sa paaralan, kasama dito, nang walang limitasyon, sa lahat ng oras kung nakasuot ng uniporme ng paaralan.

Ipinag-uutos din ng koda na ang mga kilos ng mag-aaral ay hindi magdudulot ng kasiraan sa paaralan sa anumang oras, ang ikinilos man ay nangyari sa loob o sa labas ng mga aktibidad ng paaralan.

## Mga Prinsipyo

Ang Kodigo ng Pag-aasal na ito ay batay sa mga sumusunod na prinsipyo na ang lahat sa Marymede Catholic College ay:

- may karapatang maging ligtas
- may karapatang tratuhin nang may paggalang at pagpapahalaga kahit na may pagkakaiba-iba (diversity)
- may karapatang lumahok sa isang ligtas na kapaligiran nang walang panghihimasok, pananakot, panliligalig, pang-aapi o diskriminasyon
- hinihikayat na maging marespeto, magalang, may magandang asal at may konsiderasyon sa iba
- may karapatang masuportahan at mabigyan ng hamon bilang kasalukuyang mga mag-aaral.

## Inaasahang pag-aasal at pagkilos ng lahat ng mag-aaral

Inaasahan na ang bawat mag-aaral ay:

- itataguyod ang mga batayang pinaniniwalaan at pinahahalagahan ng paaralan sa lahat ng oras
- kikilos sa paraang hindi magdudulot ng panganib sa kalusugan, kaligtasan at kapakanan ng kanilang sarili o ng iba
- susundin ang lahat ng tuntunin at pamamaraang pangkalusugan at pangkaligtasan na umiiral sa paaralan at sa iba pang mga lugar na maaaring bisitahin ng mga mag-aaral
- titiyakin na ang kanilang mga kilos ay hindi magdudulot ng kasiraan sa paaralan
- igagalang ang awtoridad ng mga kawani at susundin ang mga patakaran ng paaralan at mga ipinag-uutos ng guro gaya ng hinihingi

- mahigpit na susunod sa ICT Acceptable Usage Policy at User Agreement
- magiging marespeto at masuporta sa mga paniniwala at pinahahalagahan ng paaralan
- kikilos nang may respeto, magandang asal at may konsiderasyon sa iba
- iiwasan ang lahat ng anyo ng pambu-bully at panliligalig, pang-aalipusta ng lahi at ano mang uri ng diskriminasyon
- isusumbong ang anumang pag-uugali ng ibang mga mag-aaral na nakakasakit sa ibang mga mag-aaral, o sa mga guro o paaralan
- susuportahan ang ibang mga mag-aaral, o hihingi ng tulong para sa ibang mga mag-aaral na nangangailangan ng tulong o nasa delikadong sitwasyon
- iiwasan ang pag-uugaling nakakaabala sa gawain ng klase o hinahadlangang matuto ang ibang mga mag-aaral
- igagalang ang mga ari-arian ng paaralan at ng mga kawani, kontratista, bisita at iba pang mga mag-aaral
- papasok nang maaga at dadalo sa lahat ng klase
- mananatili sa loob ng paaralan sa araw ng pasukan maliban kung inaprubahan ng punong-guro
- kukumpletuhin sa oras ang gawaing itinakda ng mga guro at sa abot ng kanilang makakaya at lubos na sasamantalahin ang mga pagkakataong pang-edukasyon na inaalok sa paaralan
- magbibihis nang maayos at may nararapat na pagsasaalang-alang sa kalusugan, kalinisan at kaligtasan alinsunod sa mga kahingian sa pagsusuot ng uniporme ng paaralan.

## Hindi katanggap-tanggap na pag-aasal

Kasama sa hindi katanggap-tanggap na pag-uugali, ngunit hindi limitado dito, ang:

- paghipo, paghawak, pagtulak o pisikal o sekswal na pakikipag-ugnayan sa mga mag-aaral o sa ibang tao sa paraang hindi naaangkop at maaaring ilagay sa panganib ang kalusugan, kaligtasan at kagalingan ng taong iyon
- anumang anyo ng pisikal na karahasan o karahasan sa pananalita (kabilang ang pakikipag-away, pag-atake o pagbabanta ng karahasan, pambu-bully, pagbabansag ng pangalan, diskriminasyon dahil sa lahi o dahil sa kapansanan, hitsura o relihiyon)
- anumang uri ng pambu-bully o pang-aabuso sa internet (cyber bullying or cyber abuse)
- pagnanakaw o maling paggamit ng mga ari-arian ng ibang mga mag-aaral o ng paaralan
- pagpapadala ng hindi naaangkop, nakakasakit o malalaswang mga text message, larawan o video
- pagsasalita o pag-aasal na malamang na makasakit, manligalig, mam-bully o hindi makatarungang magdiskrimina sa sinumang mag-aaral, guro, kontratista o bisita
- paggamit ng hindi naaangkop o bastos na mga salita o kilos at larawan
- hindi katanggap-tanggap na dalas ng pagpasok sa klase
- hindi pakikiisa sa mga guro sa oras ng klase o sa mga aktibidad sa paaralan at sa pangkalahatan ay nakakagambala sa mga nakaplanong aktibidad.

## Pagsuporta sa Positibong Pag-uugali

Ang Patakaran sa Pamamahala ng Pag-uugali (Behaviour Management Policy) ay batay sa isang modelo ng pagsuporta sa positibong pag-uugali. Ito ay isang modelo na kumikilala sa positibong pag-uugali sa karamihan ng mga mag-aaral, at naglalagay ng mga estratehiya na magsisilbing huwaran at partikular na magtuturo ng mga inaasahang pag-uugali. Tinatarget nito ang nakatutok na suporta, kabilang ang mga planadong parusa, para sa minorya ng mga mag-aaral na hindi tinatanggap ang positibong pag-uugali.

## Paglabag sa koda ng pag-aasal ng mag-aaral

Ang mga mag-aaral na lumabag sa koda ng pag-aasal na ito ay maaaring parusahan ng guro ng klase o ng punong-guro ng paaralan kung ipinapalagay na naaangkop dahil sa uri ng paglabag at edad ng mag-aaral.

Sa mga kaso ng malubha at/o patuloy na paglabag sa koda ng pag-aasal ng mag-aaral, ang Patakaran sa Pag-uugali ng Mag-aaral ay nagbabalangkas ng mga kahihinatnan para sa maling pag-uugali ng mag-aaral. Ang mga patakaran at pamamaraan ng Marymede Catholic College para sa Suspension, Negotiated Transfer of Students, at ang Marymede Catholic College Expulsion of Students ay nagbabalangkas ng pamamahala sa pagsususpinde at pagpapatalsik, at mga proseso ng apela.

Alinsunod sa naaangkop na batas at sa Patakaran sa Kaligtasan at Kagalingan ng Bata ng paaralan, ang pulisya at/o 'Mga Serbisyo para sa mga Pamilya at Bata' sa Department of Families, Fairness and Housing (DFFH), Commission for Children and Young People (CCYP), at/ o anumang iba pang may-kinalamang mga lupon ay aabisuhan ng anumang labag sa batas na mga paglabag sa koda (code) na ito.

| Koda ng Pag-aasal ng Mag-aaral (Student Code of Conduct) | |
|---|---|
| Pangalan ng estudyante | |
| Petsa | |
| Lagda ng mag-aaral | |
| Lagda ng magulang / guardian / tagapag-alaga | |
| Petsa | |

# Talaan ng impormasyon ng patakaran

| | |
|---|---|
| **Responsableng direktor** | Direktor, Pag-aaral at Serbisyong Pangrehiyon |
| **May-ari ng patakaran** | General Manager, Learning Diversity |
| **Nag-aaprubang awtoridad** | Executive Director |
| **Itinalagang lupon ng komite (board committee)** | Patakaran at Estratehiya sa Edukasyon |
| **Petsa ng pag-apruba** | ika-10 ng Mayo 2023 |
| **Rating ng panganib** | Mataas |
| **Petsa ng susunod na pagsusuri** | Mayo 2025 |
| **Mga detalye ng paglathala** | CEVN, website ng paaralan |

| **IMPORMASYON SA DATABASE NG PATAKARAN** | |
|---|---|
| **Nakatalagang Framework** | Pag-enrol ng mga Mag-aaral |
| **Mga kaugnay na dokumento** | Kasunduan sa Pag-enrol<br>Patakaran sa Pag-enrol |
| **Pinalitang mga dokumento** | Koda sa Pag-aasal ng Mag-aaral ng Paaralan – v1.0 – 2021 |
| **Bagong patakaran** | |